DepED DIVISION OFFICE BAGUIO CITY
JUN 13 2019
RECEIVED

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Wangal, La Trinidad, Benguet
Website: www.depedcar.ph / Email: car@deped.gov.ph

RELEASED JUN 13 2019 DEPED-CAR

Hunyo 11, 2019

**MEMORANDUM PANGREHIYUNAL**
Blg. 175 . 2019, s. 2019

**PANGKABATAANG TIMPALAK PARA SA PAGSULAT NG SANAYSAY - KWF GAWAD JACINTO**

Para sa: **Tagapamanihala ng mga paaralang pansangay**
**Lahat ng Dibisyon**

1. Bilang suporta sa Komisyon sa Wikang Filipino sa pagpapatupad ng timpalak KWF Gawad Jacinto, ang Kagawaran ng Edakasyon-CAR sa pamamagitan ng Dibisyon ng Curriculum and Learning Management ay ipinaaalam sa buong rehiyon ang nasabing patimpalak. Ang Gawad Jacinto ay pangkabataang timpalak para sa pagsulat ng sanaysay.

2. Layunin ng timpalak na maipahayag ng mga kabataan ang kanilang pag-ibig para sa ating katutubong wika at maibahagi ang karunungang nagmumula rito.

3. Ang magwawagi sa timpalak ay kilalanin sa Buwan ng Wika. Sa buwang ito ng pagdiriwang ay may temang **Filipino: Wikang Katutubo.** Pakikiisa rin ito sa pagdiriwang ng UNESCO ng **Taon ng mga Katutubong Wika** sa buong taong 2019.

4. Ang sinumang interesadong makilahok sa timpalak na ito ay maaaring magpasa hanggang Hunyo 28, 2019..Ang tuntunin ng timpalak ay kalakip dito.

5. Para sa mga tanong at kumpirmasyon, maaaring makipag-ugnayan kay Roy Rene S. Cagalingan sa 736-2519, o magpadala ng email sa komisyon@gmail.com/rrscagalingan@gmail.com.

6. Para sa kaalaman at agarang aksyon.

To: All School Administrators, Principals & Teachers In-Charge
(Elementary & Secondary)
FOR YOUR INFORMATION & APPROPRIATE ACTION
FEDERICO P. MARTIN, Ed D, CESO VI
*Schools Division Superintendent*

**MAY B. ECLAR, PhD., CESO V**
Panrehiyong Direktor

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Sumali na sa KWF Gawad Jacinto sa Sanaysay, timpalak sa pagsulat ng sanaysay para sa mga kabataang nasa baitang 7 hanggang 11. Ipinanangalan ang timpalak kay Emilio D. Jacinto (1875–1899), kabataang manunulat at dakilang anak ng bayan. Para sa unang taon, nakatuon ang mga ilalahok na sanaysay sa mga katutubong wika ng Filipinas.

## KWF GAWAD JACINTO SA SANAYSAY

**Tuntunin**

1. Ang Gawad KWF sa Sanaysay ay bukás sa lahat ng mga kabataang násа baitang 7 hanggang 11 maliban sa mga kaanak ng mga kawani ng KWF.

2. Bilang pakikiisa sa tema ng Buwan ng Wika na Filipino: Wikang Katutubo at Taon ng mga Wikang Katutubo ng UNESCO, dapat talakayin at lamanin ng mga sanaysay ang sumusunod:

2.1 Bakit mahalaga ang aking katutubong wika?
2.2 Ano-ano ang mga karunungang makukuha sa aking katutubong wika?

3. Kailangang nasusulat sa Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika. Marapat na hindi ito lalagpas sa tatlong pahina.

4. Kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nito sa mga tuntuning nakasaad sa KWF Ortograpiyang Pambansa at Manwal sa Masinop na Pagsulat.

5. Ang lahok ay kailangang may apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado (Font-12, Arial), word count na 1,000 salita (o apat na pahina), may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may laking 8 ½ x 11 pulgada. Ang soft copy ng lahok ay kailangang ilagay sa isang compact disc (CD) o flash drive.

6. Kinakailangang nagtataglay lamang ng sagisag-panulat (pen name) ang dokumento, soft copy man o nakaimprentang kopya.

7. Kasama ng ipapasang lahok ay isang isang selyadong No. 10 envelope na naglalaman ng hiwalay na Pormularyo sa Paglahok para sa buong detalye ng may-akda, dalawang retrato (2x2) ng kalahok, photocopy ng school ID, Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang, at maikling biodata.

8. Ipadala ang lahat ng kahingian sa:

**KWF Gawad Jacinto 2019**
**Komisyon sa Wikang Filipino**
2F Watson Bldg., 1610 JP Laurel St.,
San Miguel, Manila 1005

o sa email ng KWF sa komisyonsawika@gmail.com.
Subject: KWF Gawad Jacinto 2019

9. Anumang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na maipaghahabol. Lahat ng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok at angkin ng KWF ang karapatang mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalty sa mga may-akda.

10. Hihirangin ang mga nagwagi sa KWF Pammadayaw sa Buwan ng Wikang Pambansa sa Agosto.

11. Ang gantimpala ay ang sumusunod: una, PHP20,000.00; pangalawa, PHP15,000.00; pangatlo, PHP10,000.00.

12. Hindi patatawarin ang sino mang mahuhuli nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

Hanggang 28 Hunyo 2019, 5:00 nh ang pagtanggap ng mga lahok. Hindi tatanggapin ang mga lahok na ipinasa sa email.
Para sa mga tanong, tumawag sa (02) 736- 2519 para sa karagdagang impormasyon.

# KWF Gawad Jacinto 2019

## PORMULARYO SA PAGLAHOK

Mga Kailangang isumite sa Timpalak:

- ☐ Tatlong (3) kopya ng lahok
- ☐ CD na naglalaman ng lahok
- ☐ Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang

<table>
<tr><td colspan="2">PAMAGAT NG ISINALIN</td><td>SAGISAG-PANULAT</td><td>LAHOK BLG.</td></tr>
<tr><td colspan="3">PANGALAN</td><td rowspan="2">BLG. NG PAHINA</td></tr>
<tr><td>APELYIDO</td><td>UNA</td><td>GITNA</td></tr>
<tr><td colspan="2">TIRAHAN</td><td colspan="2">TELEPONO BLG. LANDLINE AT/O MOBILE</td></tr>
<tr><td colspan="4">EDUKASYON (PINAKAMATAAS NA NAABOT)</td></tr>
<tr><td colspan="4">PAARALAN/ TANGGAPAN/ INSTITUSYONG KINABIBILANGAN</td></tr>
<tr><td colspan="4">ADRES</td></tr>
<tr><td colspan="4">PANGALAN AT KONTAK NG GURO/ADVISER:</td></tr>
</table>

**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**
2/P Gusali Watson, Kalye J.P. Laurel, San Miguel, Manila
Tel.Blg.736-2519•736-0315•736-2521
komisyonsawika@gmail.com
www.kwf.gov.ph

______________________________
NAKALIMBAG NA PANGALAN AT LAGDA NG LUMAHOK

PETSA NG PAGSUMITE:____________________

# KWF GAWAD JACINTO

## PORMULARYO NG PAHINTULOT NG MAGULANG

Pinatutunayan nito na binibigyan ko ng pahintulot ang aking anak na si (isulat ang pangalan ng inyong anak) na sumali sa Gawad Jacinto, isang timpalak sa pagsulat ng sanaysay ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

____________________________________

NAKALIMBAG NA PANGALAN AT LAGDA
NG MAGULANG

PETSA NG PAGSUMITE: ________________________

**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**
2/F Gusaling Watson, J.P.Laurel Street, San Miguel, Maynila
Tel.Blg.736-2519•736-0315•736-2521
komisyonsawika@gmail.com•www.kwf.gov.ph

DepED

Deped Cordillera Administrative Region <car@deped.gov.ph>

## Fwd: Hiling para sa Regional Memorandum

Roy Rene Cagalingan <rrscagalingan@gmail.com>
To: car@deped.gov.ph

Wed, May 8, 2019 at 6:10 AM

---------- Forwarded message ---------
Mula kay: **Roy Rene Cagalingan** <rrscagalingan@gmail.com>
Date: Mar, May 7, 2019 nang 2:56 PM
Subject: Hiling para sa Regional Memorandum
To: DepEd CAR <depedcarregional09@gmail.com>

Para sa Tanggapan ni Direktor Eclar:

Pagbati mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)!

Lakip po rito ang aming hiling para sa regional memorandum para sa ***KWF GAWAD JACINTO***, timpalak sa pagsulat ng sanaysay ng mga kabataan.

Umaasa po kami sa inyong positibong aksiyon. Pauna na naming ipinapadala ang pasasalamat sa inyong tanggapan.

Gumagalang,

--
ROY RENE S. CAGALINGAN
Sangay ng Edukasyon at Networking
Komisyon sa Wikang Filipino
*

*Atsin mankakoyanon imama mankawatsi* - Kalinga

--
ROY RENE S. CAGALINGAN
Sangay ng Edukasyon at Networking
Komisyon sa Wikang Filipino
*

*Atsin mankakoyanon imama mankawatsi* - Kalinga

**3 attachments**



**2_Poster_Opisyal.png**
683K

**CAR_Liham kay OIC-Direktor Eclar_mula sa KWF.pdf**
244K

**Gawad Jacinto_mga pormularyo (2 files merged).pdf**
434K